Pangalan:___________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula:_______________ Petsa Nang Natapos:____________ Marka:_______

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Pinagmulan ng Pilipinas Batay sa Relihiyon**

**I. PANUTO:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang dahilan bakit sa paniniwala ng mga Muslim ay hindi pa tapos ang paglikha ni Allah sa daigdig?

a. dahil naniniwala sila na ang paglikha ng daigdig ay matatapos lamang kung wala nang makasalanang tao na nabubuhay
b. dahil naniniwala sila na nagpapatuloy ito sa pamamagitan ng mga bagong buhay na isinisilang at bagong bagay na nabubuo sa daigdig
c. dahil naniniwala sila na ang panahon sa kasalukuyan ay ang isang ikalimang (1/5) bahagi pa lamang ng anim na bahagi ng paglikha ayon sa Qur'an
d. dahil naniniwala sila na ang paglikha sa daigdig ay magtatapos sa pamamagitan ng pagdating sa lupa ni Allah bilang mamumuno sa lahat

2. Iba't iba ang sekta ng Kristiyanismo na mayroon sa Pilipinas ngunit bakit parepareho ang pinaniniwalaan nilang kuwento ng paglikha?

a. dahil pare-pareho na Bibliya ang kanilang banal na aklat
b. dahil pare-pareho na Qur'an ang kanilang banal na aklat
c. dahil pare-pareho na mito ang kanilang pinagbabatayan
d. dahil pare-pareho na teorya ang kanilang pinagbabatayan

3. Sa anong bahagi ng Bibliya ng mga Kristiyano mababasa ang kuwento ng paglikha?

a. Exodus
b. Genesis
c. Leviticus
d. Revelation

4. Ano ang tawag sa banal na aklat ng mga Muslim kung saan nakasulat ang kanilang kuwento ng paglikha?

a. Bibliya
b. Mahabharata
c. Qur'an
d. Ramayana

5. Alin sa mga sumusunod ang TAMA tungkol sa relihiyong Islam?

a. Si Hesus ang propeta ng relihiyong Islam.
b. Tinatawag na Protestante ang mga mananampalataya ng Islam.
c. Naniniwala ang mga mananampalataya ng Islam kay Hesus bilang Diyos.
d. Naniniwala sila na ang paglikha sa daigdig ay nagpapatuloy ito sa pamamagitan ng mga buong buhay na isinisilang at bagong bagay na nabubuo sa daigdig

**II. PANUTO:** Pagsunud-sunurin ang ayos ng pangungusap ayon sa kwento ng paglikha mula sa bahagi ng aklat ng Genesis sa Bibliya. Lagyan ng bilang **1** hanggang **7**. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

_______ Natuwa ang Diyos sa kaniyang nilikha at nagpahinga Siya.
_______ Nilikha ng Diyos ang araw, buwan at mga bituin sa kalangitan
_______ Nilikha ng Diyos ang langit at katubigan
_______ Nilikha ng Diyos ang liwanag at dilim
_______ Nilikha ng Diyos ang lupa at ang mga halamang tumutubo rito
_______ Nilikha ng Diyos ang mga buhay sa tubig at mga ibon sa himpapawid
_______ Nilikha ng Diyos ang mga hayop sa lupa at mga tao